# Kapag tumindig ang isa sa inyo sa pagdarasal,tunay na ang Habag ay humaharap sa kanya,kaya huwag siyang magpunas ng maliliit na bato

Ayon kay Abr Zarr-malugod si Allah sa kanya-sa Hadith na Marfu-((Kapag tumindig ang isa sa inyo sa pagdarasal,tunay na ang Habag ay humaharap sa kanya,kaya huwag siyang magpunas ng maliliit na bato)) At ayon kay Muayqib-malugod si Allah sa kanya-Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: Sa isang lalaki na nagpupunas ng alikabok sa kanyang pinagpapatirapaan,Nagsabi siya:((Kapag ginawa mo ito,ay sa isang beses lamang))
[Tumpak.] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy.]

Sa Hadith ni Abe Zarr:Sa sinabi niya:(Kapag tumindig ang isa sa inyo sa pagdarasal) ibig sabihin ay kapag pumasok siya rito,at bago niya isagawa ang Takbiratul Ihram,hindi ito ipinagbabawal.Ngunit ang ipinagbabawal ay.batay sa sinabi niya:(huwag siyang magpunas ng maliliit na bato) huwag siyang [gumawa ng anumang] nakakasira sa kanyang pagdarasal,dahil sa maliit lamang na bagay,ibig sabihin ay dahil sa napapaloob rito na [magdudulot] ng pagkaputol sa pagharap sa pagdarasal,mawawala sa kanya ang Habag na nagiging sanhi ng hindi niya pagharap sa pagdarasal,at ito ay kapag wala ng pangangailangan sa pag-aayos sa lugar na pinagpapatirapaan,at kung hindi ay ipinapahintulot sa kanya sa isang beses,sa abot ng pangangailangan nito.At napag-alaman na ang maliit na bato ay siyang [maliliit na bato] at ang sinusukat sa maliit na bato,ay lumalabas sa linalabasan ng pangkalahatan,dahil ito,ay kadalasang nakikita sa mga karpet ng mga Masjid,at walang pagkakaiba sa pagitan nito at pagitan ng alikabok at buhangin,sa talakayang ito.Sa Hadith ni Mu`ayqib ,Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi siya:Sa isang lalaki na nagpupunas ng alikabok sa kanyang pinagpapatirapaan,Nagsabi siya:((Kapag ginawa mo ito,ay sa isang beses lamang))( Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi sa isang lalaki) ibig sabihin ay sa ginagawa ng isang lalaki na siyang nagtanong sa sarili niya na siya ay (Nagpupunas ng alikabok) ibig sabihin ay: Sa Pagdarasal,( Sa iyong pagpapatirapa?) ibig sabihin ay;Sa lugar na pinagpapatirapaan niya,o para sa pagpapatirapa niya rito.Sinagot ito-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga:((Kapag ginawa mo ito)),ibig sabihin ay: dahil ito kailangan mo (sa isang beses lamang);ibig sabihin;Gawin mo itong sa isang beses lamang,at hindi mo dadagdagan,At kinamumunghian niya ang mga maliliit na bato,maliban kung hindi siya nakakapagtirapa dahil sa mga bato,dahil sa pagkakaiba ng taas nito at baba nito ng marami.kaya hindi nagiging pantay sa kanya ang nararapat sa[paglalagay niya kanyang] noo,kaya papantayin niya ito ng isa o dalawang beses lamang.Dahil mayroon dalawang

salaysay,Sa isang salaysay" papantayin niya ito ng isang beses lamang" sa isang salaysay:"Papantayin niya ito ng dalawang beses" At ang nakikitang hayag sa dalawang salaysay,ay pinapantay niya ito ng isang beses lamang,at hindi na niya ito dinadagdagan.At ang dahilan sa pagbabawal,ayon sa sinabi niya: (Spagkat ang Habag ay humaharap sa kanya) ibig sabihin ay: bumababa sa kanya at sumasalubong sa kanya.at ito ang dahilan sa pagbabawal.ibig sabihin ay hindi nararapat sa taong may pag-iisip,na magbigay ng pasasalamat sa yaong malaking biyaya,ng tulad ng ganitong gawaing kasuklam-suklam.Sinabi ito ni Attayibiy,At nagsabi si Ashawkaniy:Ang pagpapaliwanag na ito aynagpapahiwatig na ang layunin sa pagbabawal ng pagpupunas;ay upang hindi maging abala ang pag-iisip niya sa anumang bagay na magpapawala sa Habag na humaharap sa kanya,mawawala sa kanya ang magandang kapalan niya mula rito.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10877